To gather together in unity the scattered Children of God
Jn. 11:45-56

The gospel presented the person of Caiaphas, was the high priest then of that time and among the discussion at the time if you can notice in the story of the gospel there was that kind of discussion about Jesus, argument about Jesus. Sapagkat nakikita nila yung ginagawa ni Hesus and people are starting to believe Him. And so these leaders, these civil leaders are starting to discuss about Him and generally majority of them thought of stopping Him.

Pigilan natin Siya, maraming ng sumusunod sa kanya that even to the point of intending to kill him. But there is this one person, one official who stood up and presented a different perspective about Jesus. That is why I said the gospel presented to us, the person of Caiaphas. Why is he so significant because of his not simply having that kind of different perspective but I guess, and I believed it is something about his deeper sense of understanding about Jesus. Kung baga sa mga taong nagtitipon at the time may isang mas malalim ang pananaw kay Hesus. Iba ang nakikita niya mas nakikita nya yung other side of it, not only that harap-harapan niyang sinabi that Jesus will one day died for us, that Jesus will suffer and died for the people, for the entire nation to be save. Siya lang ang nakakita nun and so this is a good challenge for all of us, a good reminder for all of us, sana maging katulad tayo ni Caiaphas, hindi na tayo padalos dalos mag isip, hindi nawa tayo sunod-sunuran lang bagkus kita mo naman pinaglaban niya ang mas malalim na nakikita niya about Jesus. At he did, hindi sya nagkamali tama po ang sinasabi niya that one day, that Jesus suffer and die for the nation.

Isang paalala sa ating lahat sa tamang pag-iisip, sa tamang perspektibo sa buhay. Bukas magsisimula na po ang Semana Santa at nawa sa pagdiriwang ng Semana Santa mas makita natin yung mas malalim na pananaw nito sa atin. Mas makita natin yung pag-ibig ng Diyos para sa tao. Oo dumaan sa sakripisyo, sa sakit at kamatayan, bagkus mga kapatid nawa mas mangingibabaw ang malalim na dahilan nito at yun po ay ang pag-ibig ng Diyos sa atin, at nawa ganun din po tayo sa ating pang araw araw na buhay. Alam ko may mga pagsubok minsan madalas o minsan hindi nawawala ang mga pagsubok minsan may pagkatalo-talo sa samahan, may di pagkakaunawaan sa pamilya, sa magkakapatid sana sa gitna ng mga pagsubok na ito mas uusbong pa rin ang mas malalim na kahulugan ng buhay. To the point that we will not give up, sapagkat kung tayo'y magpadadala sa mga pagsubok na ito, we might ended up with nothing, we might ended up giving up, but take note the Holy Week is a good reminder for all of us, thus indeed Jesus never gave up on us, hindi siya bumitaw sa atin.

Kaya sana simula bukas sa ating pagdiriwang ng Semana Santa, mas mangibabaw nawa ang pagpapatawad ng Diyos sa tao at pagligtas ng Diyos sa tao at kapag ito ay mangingibabaw sa ating mga puso't isipan maski sa ating konsensiya tiyak na siyang magdudulot sa atin ng pagiging mas mabuti at mas matino na pamumuhay. Huwag tayong bumigay din sa ating mga kahinaan, wag tayong mag give up sa ating mga pagkakamali't pagkakasala. May pag-asa pa rin tumayo, magbago at magsimula ng

panibago. Another thing na sana mas maalala natin sa pagdiriwang ng Semana Santa ay yung desposisyon ng pagpapasalamat. Pagpapasalamat ng pagligtas ng Diyos sa tao. Alalahanin natin ang Semana Santa na magsisimula bukas ay isang taunang pagpapaalala sa ating lahat. Pagpapaalala ng alin? Pagpapaalala ng pag ligtas at pag-ibig ng Diyos sa tao. Ibig sabihin isang pagpapaalala na dapat tayo'y magpasalamat sa Diyos na habang pinapaalala ang kamatayan, ang pagpapakasakit at sakripisyo ni Hesus sa tao naway magdulot ito sa atin ng pasasalamat sa Diyos, sa lahat ng mga biyaya, sa lahat ng pagkakataon ng paninimula, pagkakataon ng bagong buhay magpasalamat tayo.

Huwag nating hayaan na mas mangingibabaw ang pagsubok, wag tayong pumayag na mas mangingibabaw ang sakit, ang tampo, ang galit, sana po mas mangingibabaw pa rin ang pagpapasalamat sa Diyos sapagka't sa gitna ng mga pagsubok tayo'y narito pa rin kapiling ang ating mga mahal sa buhay. Pasasalamat sa biyaya, sa biyaya ng kaarawan, sa biyaya annibersaryo, sa biyaya ng pamilya, sa biyaya ng pagsama-sama bilang isang komunidad, sa biyaya ng pagkapari, sa biyaya ng buhay. Muli po ang Semana Santa ay isang magandang paalala sa ating lahat, paalala kung paano ipinakita na ang pag-ibig ng Diyos sa tao. Nawa ito ay magpapaalala sa atin ng taos pusong pasasalamat sa Diyos.

------ oOo ------